**MANILA** – The Court of Appeals (CA) turned down a suit filed by former Cooperative Development Authority (CDA) chair Orlando Ravanera questioning the Ombudsman decision that slapped him with a guilty verdict and dismissal due to his involvement in a dispute within the Davao Del Norte Electric Cooperative, Inc. (Daneco).

The CA 21st Division denied Ravanera's petition and affirmed the 2019 decision of the Office of the Ombudsman (OMB) finding him guilty of grave misconduct and gross neglect of duty.

"All told, this Court finds no reason to disturb the rulings of the OMB," the CA said in its decision dated April 20 and made public Friday.

The case arose from a complaint filed by Daneco member-consumers, represented by its chief operations manager Emmanuel Galarse, which had a dispute with the general manager and 10 Board members.

The member-consumers group sued the other group before the National Electrification Administration (NEA) in 2011 for grave misconduct because of alleged anomalous contracts.

In April 2012, the NEA rendered a guilty verdict against the general manager's group and penalized them with dismissal.

The embattled group then called for a referendum for the conversion of Daneco into a stock cooperative to be registered with the CDA, which issued a certificate of registration also in 2012.

The aggrieved members naturally protested and secured from a temporary restraining order from the CA in 2013. The referendum was also declared illegal.

Still, Ravanera went ahead with the certificate of registration and ordered the reopening of Daneco offices in 2015.

He countered that since Daneco was already registered with the CDA, the NEA had no authority to cancel the registration since this power is within the jurisdiction of the CDA.

The complainants said the involvement and participation of Ravanera emboldened Daneco to commit illegal acts, like collecting power bill payments, issuing fabricated receipts and illegal reconnections of disconnected power service lines, which caused them financial distress.

The OMB said Ravanera is liable for grave misconduct and gross neglect of duty and was ordered dismissed from service.

"Indubitably, petitioner Ravanera grossly disregarded the orders of this court and of NEA showing his disrespect to the lawful authorities, and was remiss in his duty in strictly observing the said directives," the CA said. ***(PNA)***

# Remit employees' premiums on time – PhilHealth

**MANILA** – The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) reminded employers to remit their employees' contributions on time.

"In commemoration of Labor Day and in honor of our workers' hard work, we would like to remind all employers, both public and private, to remit and report your employees' PhilHealth premiums on time," said PhilHealth acting president and chief executive officer Emmanuel R. Ledesma Jr. in a news release on Monday.

Ledesma reiterated that employers may use the state health insurer's Electronic Premium Remittance System or the EPRS to remit their employees' contributions safely and conveniently to PhilHealth.

"We have recently enhanced the EPRS - our online payment facility for employers – in partnership with MyEG Philippines, to allow more payment options for employers such as electronic wallets GCash and Maya, along with debit and credit card payments," he said.

"The payment process has also been simplified with the EPRS. Kailangan lang mag-generate ang employer o ang PhilHealth Employer Engagement Representative o PEER ng Statement of Premium Accounts (SPA) para sa buwan na babayaran, pagkatapos ay piliin lang ang kanilang preferred payment option at magbayad na (The employer or PEER need just to generate SPA for the monthly payment, just choose preferred payment and they can pay already)," he added.

Ledesma said a payment confirmation email will instantly be sent to the employer after every successful transaction.

"Maaari pong i-access ng ating employers ang EPRS sa PhilHealth website, https://eprs01.philhealth.gov.ph," he added.

Ledesma said PhilHealth partnered with MyEG Philippines to support Republic Act No. 11032, or Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act, which mandates all government departments and agencies to adopt a digital payment system for government disbursements and collections to promote efficient delivery of services and expedite transactions.

PhilHealth activated its acceptance of online payment on its Member Portal in 2021, allowing self-earning Individuals to pay for their contributions using GCash, Maya, and credit and debit cards. ***(PNA)***

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**AND EX-OFFICIO SHERIFF**
**NAIC, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),**
Petitioner-Mortgagee,

-versus-

**FNC 2022-49**

**BENJIE LAURETA ENCONADO,**
Respondent-Mortgagor.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

WHEREAS, upon extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135 as amended by Act 4118, filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, Mortgagee, with postal address at the Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against **BENJIE LAURETA ENCONADO**, Mortgagor with postal address at Lot 42 Block 6, Phase 2, Greenville Homes, Brgy. Sahud Ulan, Tanza, Cavite and/or Lot 45 Block 24 Pasinaya Homes I Subd. Brgy. Sabang (Formerly Timalan), Naic, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 20, 2022 amounted to **FOUR HUNDRED FIFTY ONE THOUSAND NINE HUNDRED NINETY FOUR PESOS AND 40/100 (Php 451,994.40)** Philippine currency, excluding penalties, Attorney's Fees and expenses of the foreclosure, the undersigned authorized Sheriff IV, will sell at public auction on ***May 30, 2023 at 9:00 in the morning*** or soon thereafter at the Regional Trial Court Naic, Cavite, to the highest bidder, in CASH or MANAGER'S CHECK and in Philippine Currency, the property with all the improvements thereon,to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2018008703**

*IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in SABANG (FORMERLY TIMALAN), NAIC, CAVITE, LUZON, bounded and described as follows: LOT NO. 45, BLOCK NO: 24, PLAN NO: PCS-04-030597, PORTION OF: CONS. SUBD. OF LOTS 2935 AND 2936, FLS-986-D (NAIC ESTATE) (VS-04-000597), LOCATION: SABANG (FORMERLY TIMALAN), NAIC, CAVITE, LUZON x x x AREA: OF* ***TWENTY EIGHT (28) SQUARE METERS****, MORE OR LESS x x x.*

Prospective bidders are hereby enjoined to investigate for themselves, the title of the above-described property and to the encumbrance existing thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take on the said date, it shall be held on **June 6, 2023** at the same time and at the same place mentioned above without further notice

Municipality of Naic, Province of Cavite, August 13, 2022

**JANELLE V. LAGADON, MBA**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
The Petron Mega Plaza Building,
No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

**BENJIE LAURETA ENCONADO**
Lot 42 Block 6, Phase 2, Greenville Homes, Brgy. Sahud Ulan, Tanza, Cavite and/or
Lot 45 Block 24 Pasinaya Homes I Subd. Brgy. Sabang (Formerly Timalan), Naic, Cavite

**ATTY. NELSON I. GETIGAN**
Rm. 209 Megastate Bldg..,
No. 737 G. Araneta Avenue, Tatalon Quezon City

**Publication: HANEP** May 1, 8 & 15, 2023

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15, NAIC, CAVITE**
**rtc1na015@judiciary.gov.ph**
**rtcbranch15naiccavite@gmil.com**
**09171146230**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),**
Mortgagee/Petitioner,

-versus-

**FNC-2023-229**
**For:** Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135, as Amended by Act 4118

**RUTH CALDERON MARIANO married to ROLANDO GONZALES MARIANO,**
Mortgagor/Respondent.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),** mortgagee/ petitioner, with principal office address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, Metro Manila against **RUTH CALDERON MARIANO married to ROLANDO GONZALES MARIANO** with postal address at 232 Silangan, Halayhay, Tanza, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of February 24, 2023 amounts to **FOUR HUNDRED FIFTY TWO THOUSAND FOUR HUNDRED NINETEEN PESOS AND 35/100 (P 452,419.35)** Philippine currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **May 30, 2023** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of the office of the Ex-Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2018040445**

A certain parcel of land situated in Barangay of Sabang, Municipality of Naic, Province of Cavite, Island of Luzon, bounded and described as follows:
**Lot No:** 22, **Block No.** 94, **Plan No:** PSD-04-246096
**Portion of:** Subd. of Lot 2937, FLS-986-D, Naic Estate (VS-04-000597)
**Location:** Barangay of sabang (Formerly Timalan) Municipality of Naic, Province of Cavite, Island of Luzon.

**Boundaries:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT (S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | Lot 23, Block 94 PSD-04-246096 |
| 2-3 | SE | Lot 2939, Naic Estate, VS04-000597 |
| 3-4 | SW | Lot 21, Block 24 PSD-04-246096 |
| 5-1 | NW | Road Lot 14 PSD-04-246096 |

**Area: TWENTY-EIGHT SQUARE METERS (28),** more or less
**Description of Corners:** All points are referred on the plan by P.S. Cyl. Conc. Mons. 15x40cms

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and the encumbrances thereon, if any there be.

In case of the absence of any participating bidder on the above-scheduled date, said auction sale will be reset and finally held on June 06, 2023 at the same place and time above-mentioned.

Naic, Cavite, April 11, 2023.

**MA. CAROLINA M. POTENTE**
Sheriff IV

Copy Furnished:
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND)**
The Petron Mega Plaza Building,
No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, Metro Manila

**RUTH CALDERON MARIANO**
**married to ROLANDO GONZALES MARIANO**
232 Silangan, Halayhay, Tanza, Cavite /
Lot 22 Block 94, Phase 2, Pasinaya Homes Sabang, Naic, Cavite,

**Maria Victoria D. Capiral c/o Atty. Michael Yancy P. Yngson**
**Attorney-in-Fact, Receivers and Liuidators, Inc.**
Unit C, 10th Floor, Strata 2000 Bldg.
F. Ortigas Jr. Rd., Ortigas Center, Pasig City

**Publication: HANEP** May 1, 8 & 15, 2023

---




# 2023 PHILRACOM "CHAIRMAN'S CUP"

Nakabawi ang paboritong kabayo na si Big Lagoon mula sa pagkatalo matapos sungkitin ang titulo sa ginanap na 2023 Philracom "Chairman's Cup" na inilarga sa pista ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar Tanauan City, Batangas. Sakay ng hineteng si John Alvin Guce ay muling ibinida ni Big Lagoon ang kanyang galing upang makarebanse sa matinding karibal na si Boss Emong. Sa pagbukas ng aparato ay naging alerto ang ating bida na si Big Lagoon upang hindi maiwanan sa largahan, agad naman na umarangkada si Cam From Behind na sinakyan ni Kelvin Abobo upang mahawakan ang bandera, kasabay si Boss Emong na pinatnubayan ni Jeffril Zarate, pang-apat sa gawing labas si Ambisioso na nirendahan ni Jerico Serrano, panlima sa gawing loob si Don Julio na lulan ni Ryan Base, pang-anim si Robin Hood na dinala ni Jeffrey Bacacay, habang si Gomezian na pinatungan ni Oneal Cortez ang bugaw sa simula. Sa unang 200 meter ay nakipagsabayan si Big Lagoon sa unahan kina Boss Emong at Cam From Behind. Pagpasok sa back stretch ay kumaskas sa tabing balya ang liyamado na si Big Lagoon upang maagaw ang bandera, kasabay sa gawing labas ang segundo liyamado na si Boss Emong, pangatlo sa bandang gitna ang kuarto liyamado na si Don Julio, nasa ika-apat na puwesto naman ang ikalawa sa pinakadehado na si Cam From Behind, panlima ang tersero liyamado na si Gomezian, nasa ika-anim na posisyon ang pinakadehado na si Ambisioso, habang ang quinto liyamado na si Robin Hood ay nalipat sa likuran. Pagsapit sa far turn ay nasa unahan pa rin ang winning horse na si Big Lagoon ng may dalawang kabayong kalamangan, habang nagkukumahog sa paghabol si Boss Emong upang makalapit, humahataw naman sa ikatlong puwesto si Don Julio at nagsimula na rin sumugod si Robin Hood. Pagsungaw sa rektahan ay kumalas na sa unahan si Big Lagoon dahil na rin sa pagtulak at paghagupit ni John Alvin sa kanyang sakay, pabuka naman ang takbo ni Boss Emong at nagbabadya sa tabing balya si Don Julio ngunit hindi na kinaya pa ang tikas ni Big Lagoon. Tinawid ni Big Lagoon ang meta ng may dalawang kabayong bentahe sa sumegundong si Don Julio, tersero si Boss Emong at pumang-apat si Robin Hood. Pumoste si Big Lagoon ng tiyempong 2:04.6 (24'-23'-24'-24'-27') para sa mahaba at nakakahingal na distansyang 2,000 meter, sapat upang maibulsa ng winning horse owner na si Melaine C. Habla ang premyong P1.5M at tropeo bilang kampeon. Nakahamig din ng P500,000 ang 2nd placer na si Don Julio, kumubra ng P250,000 ang tersero na si Boss Emong at nakapag-uwi naman ng P125,000, P75,000, P50,000 sina Robin Hood, Cam From Behind at Gomezian bilang 4th, 5th, 6th placer ayon sa pagkakasunod. Dahil sa panalo ay nabawian ni Big Lagoon si Boss Emong nung naglaban sila sa "Classic Cup" noong nakaraang buwan. Matatandaan na si Boss Emong din ang nagkampeon noong 2021 at 2022 Philracom "Chairman's Cup" ngunit nabigong madepensahan ang kanyang titulo ngayong taon. Ang Philracom "Chairman's Cup" ay isang taunang stake race para sa mga kabayong 4 na taong gulang pataas.

# KOSTUMER, NAGALIT SA HELPER; NANAKSAK

**TINARAKAN** sa hita ang 19-anyos na laundry helper ng customer na nagalit matapos umanong pinaghihintay sa mga pina-laundry na damit sa Tagaytay City Miyerkules ng gabi.

Nasa maayos ng kalagayan matapos isugod sa ospital ng Tagaytay ang biktimang si Ryan Paulo De Leon y De Justo, ng Brgy Delas Alas Pasong Saging A, General Mariano Alvarez (GMA) Cavite.

Naaresto naman ang suspek na si Armando Raagas Jr y Gabule, 48, driver, ng 0168 San Rafael, Area G, GMA, habang inihanda ang kaukulang kaso laban sa kanya.

Sa ulat ni PSMSgt Darwin Jamie, ng Tagaytay City Police, alas-6:40 ng gabi naganap ang insidente sa basement area ng Summit Ridge Hotel sa Brgy Maharlika West Tagaytay City kung saan kinukuha ng suspek ang mga pina-laundry na mga damit na sinabihan ng biktima na magpahinga muna sandali habang naghihintay.

Hindi nagustuhan ng suspek ang sinabi ng biktima kaya nagalit at walang sabi-sabing sinaksak sa kanang hita ang huli saka mabilis na tumakas.

Nagsagawa naman ng follow up operation ang pulisya na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek. ***GENE ADSUARA***

# Mag-aaral sa Romblon hinimok na na pasukin ang karera sa Agham at Teknolohiya

**ROMBLON, Romblon (PIA) --** Hinimok ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Renato Solidum ang mga mag-aaral na pasukin ang karera sa Agham at Teknolohiya sa kanilang paglaki.

Sa ginanap na inagurasyon ng isang proyekto ng DOST sa Barangay Cobrador, Romblon, Romblon kamakailan, sinabi ni Sec. Solidum na kasalukuyan ay mayroong kakulangan sa mga Siyentipiko at Inhinyero sa bansa para tumulong sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng mga probinsya lalo na sa mga lugar na nasa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDA).

"Kapag kayo ay lumaki at nagkaisip na na ng mabuti ay maging siyentista kayo. Siguro hindi niyo pa naiisip [sa ngayon] pero dahil dito sa kwento ng proyekto ng [water] desalination, [maisip niyo na] maraming maitutulong kayo sa ating mga kababayan kung kayo ay magiging siyentista o magiging researcher," pahayag ng DOST Secretary.

Ibinida rin ng kalihim na ang water desalination project ng DOST na magbibigay ng inuming tubig sa mahigit 1,000 residente ng isla ay bunga ng pag-aaral sa agham at teknolohiya. ***(PJF/PIA Romblon)***

# DILG, USAID nagsanib-puwersa, community-based drug rehabilitation, mas pinalakas

**LUNGOD QUEZON, (PIA) --** Upang mas palakasin ang community-based drug rehabilitation (CBDR) anti-illegal drug program na Buhay Ingatan, Droga'y Ayawan (BIDA) ng pamahalaan, nagsanib-puwersa ang Department of the Interior and Local Government (DILG) at United States Agency for International Development (USAID)-RenewHealth.

"As we continue to roll out the BIDA program in various sectors nationwide, I am very pleased to have the support of international agencies such as USAID. We thank USAID for sharing our vision and helping in our efforts to rehabilitate persons who use drugs (PWUDs) and combatting illegal drugs in the communities,"[Sa patuloy na implementasyon ng BIDA program sa iba't ibang sector sa buong bansa,ko'y nagagalak sa suporta ng mga international agencies tulad ng USAID. Nagpapaalamat kami a USAID sapakikiia sa aming layunin at pagtulong aaming pagsisikap na marehabilitate ang mga taong gumagamit ng ipinagbabawal na gamot at tapusin ang suliranin laban sa iligal na droga sa mga komunidad] ani DILG Secretary Benjamin "Benhur"Abalos, Jr.

Opisyal na inilunsad ang partnership ⌈Miyerkules ng hapon sa pamamagitan ng paglagda ng Memorandum of Understanding (MOU) sa pagitan ng DILG at USAID.⌉ Kasama rin dito ang turnover ng iba't ibang CBDR materials at learning modules ng RenewHealth sa DILG bilang bahagi ng BIDA program na ipapakalat sa mga pamahalaang lokal.

Ayon kay Abalos, ang kolaborasyon ay naglalayong maisakatuparan ang iba't ibang drug-demand activities tulad ng pagtiyak ng access sa evidence-based at culturally appropriate tools na sumusuporta sa pagpapatupad ng CBDR; pagpapakalat ng research at best practices ng CBDR, substance use prevention at re-integration program; at capacity-building para sa mga CBDR program managers at service providers ng local government units (LGUs).

Sa ilalim ng MOU, magkakaloob ang USAID ng tools at materials ukol sa social behavior change communication (SBCC) at CBDR; capacity building at information management platforms para sa CBDR; advocacy events para itampok ang mga best practice ng CBDR; at evidence-based na mga polisiya at batayan ukol sa CBDR.

Samantala, ang DILG ang siyang mangunguna sa pagpapakalat at co-branding ng mga SBCC at CBDR material ng USAID bilang bahagi ng BIDA Program at ICAD websites; pangunguna sa mga forum at advocacy event bilang bahagi ng BIDA Program; at pagkakaloob ng CBDR capacity building sa mga LGU at iba pa.

Ang RenewHealth ng USAID ay isang proyekto na nagsimula noong 2019 na nagtataguyod ng social integration at nagpapataas ng accessibility ng drug treatment at rehabilitasyon sa loob ng komunidad.

Ang BIDA program, ang multi-sectoral at holistic na drug campaign ng pamahalaan, ay nakatuon sa pagpapaigting ng mga hakbangin upang bawasan ang demand at supply ng iligal na droga sa pamamagitan ng multi-sectoral approach kasabay ng law enforcement efforts ng mga awtoridad. ***(dilg/pia-ncr)***

# Maayos na serbisyo sa mga driver, hiniling ni Sen. Bong Go sa LTO, DOTr

**CABARROGUIS, Quirino (PIA) - -** Nanawagan si Senator Christopher Lawrence "Bong" Go sa mga opisyal ng Land Transportation Office (LTO) at Department of Transportation (DOTr) na gawan ng paraang makapagbigay ng plastic card at hindi papel upang hindi na sila pabalik-balik para sa plastik na lisensya.

"Alam niyo kaya nga po may naipasang batas sa panahon ni Pangulong Duterte na limang taon na po ang validity o bisa ng ating card at pag wala kang violations ay maaaring maging sampong taon po ito. Ibig sabihin, para hindi na pabalik-balik ang mga kababayan natin na pumunta at pumila sa LTO," ani Senator Go.

Sa papayam kay Go sa kanyang pagbisita sa lalawigan kamakailan, pinaalalahanan nito ang mga nasabing ahensya na huwag pahirapan ang mga driver bags sila ay bigyan ng maayos na serbisyo.

"Sa shortage ng supply ng card, e nagbabayad naman po ang mga Pilipino bakit binibigyan ng papel, ano yun papahirapan? Gawan niyo po ng paraan, ang trabaho po natin sa gobyerno ay pagserbisyuhan po ang ating mga kababayan lalung-lalo na po yung mga driver na maiistorbo po ang kanilang mga araw sa pamamasada sa kakapila para kumuha ng lisensya," paalala ni Go.

Dagdag ni Go, pag papel ang ibibigay na lisensya, hindi maiiwasang mabasa ito pag umuulan at mapupunit at pag hinuli ng pulis ay panibagong problema na naman para sa mga driver.

"Ako po ay nakikiusap sa inyo bilang miyembro po ng Committee of Public Service, ayusin po natin ang ating mga trabaho at serbisyo para sa mga driver natin, na kahit isang kahig isang tuka, pupunta po ang mga yan sa LTO offices para makakuha ng lisensiya, tapos papel lang ang ibibigay niyo, babalik yan para i-claim yung plastic card kawawa naman," dagdag na paalala ni Senator Bong Go. ***(TCB/ PIA Quirino)***

# Lalaki, nagbigti

**PALAISIPAN** ang ginawang pagpapakamatay sa pamamagitan ng pagbibigti ng 36-anyos na lalaki sa Lucena City kamakailan.

Ang biktima ay nakilalang si Lito Aranilla, na naninirahan sa Barangay Mayao Parada, Lucena City.

Sa inisyal na imbestigasyon ng kapulisan, sa punong-kahoy isinagawa ng biktima ang pagbibigti nito.

Ikinagulat ng mga kaanak ang ginawang pagpapakamatay ng biktima.

Ito ay dahil wala naman umanong nababanggit na ano mang suliranin ang biktima kaya palaisipan ang pagpapakamatay nito.

Gayunman ay nagsagawa ng pag-iimbestiga ang pulisya hinggil sa nasabing insidente. ***MARCK BADION***

# Mag-ingat sa nagbebenta ng 1000-Piso polymer - BSP

**LUNGSOD QUEZON, (PIA) --** Muling nagpaalala ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) sa publiko na maingat sa mga nagbebenta ng 1000-Piso polymer banknote sa presyong mas mataas kaysa sa halaga nito.

Ayon sa BSP, dapat gamitin ang 1000-Piso polymer banknotes sa mga financial transaction tulad ng pagbabayad para sa mga produkto at serbisyo.

Nauna nang sinabi ng BSP na ang bagong 1000-Piso polymer banknote ay isa sa mga naging tugon upang masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng publiko dulot ng COVID-19. Gayundin, upang maitaguyod ang environmental sustainability, at mas mapigilan ang pagkalat ng mga pekeng pera. ***(BSP/ PIA-NCR)***

# 13 'pusher' naperder

**UMABOT** sa kabuuang mahigit P100K halaga ng shabu ang nasamsam sa isinagawang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar at pagkakaaresto ng labintatlong hinihinalang tulak sa Cavite kamakailan.

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Office (PPO), isinagawa ang buy bust operation sa tatlong lungsod at apat na bayan sa pagitan ng alas-5:30 ng hapon hanggang alas-4:30 Huwebes ng madaling araw.

Sa Bacoor City, apat na hinihinalang tulak ang naaresto habang tig-dalawa naman sa bayan ng Tanza at Carmona at Lungsod ng Imus habang tig-isa ang Lungsod ng Dasmarinas, bayan ng Kawit at General Mariano Alvarez.

Sa nasabing operasyon, tinatayang mahigit sa 25 sachet ng hinihinalang shabu ang nasamsam at may kabuuang P133.15 halaga. ***GENE ADSUARA***

# DR. GOMEZ: MEDICAL CANNABIS MALAPIT NG MAISABATAS




Bagamat araw ng pagawa ngayong araw May 1, 2023 at walang pasok ang mga nag-oopisina sa gobyerno at pribadong sector, tuloy pa rin ang nakagawian ng BAUERTEK Media Health Forum na ginanaganap tuwing lunes sa isang restaurant sa lungsod Quezon.

Ito ay pinangungunahan pa rin ni Dr. Richard Nixon Gomez bilang General Manager ng BAUERTEK, na ang adbokasiya ay maisabatas at maging legal ang paggamit ng halamang gamot na marijuana o cannabis sa bansa. Ito ay ipoproseso sa isang laboratoryo para gawing Medical Cannabis na kung saan ang laboratoryo ay nakatayo na at handang handa na, hinihintay na lamang na maisabatas ito at maging legal.

Ayon kay Dr. Gomez, ang medical cannabis ay matagal nang ginagamit bilang gamot sa mahabang panahon at milyon-milyong pasyente na ang gumagamit worldwide.

"Bakit sa Pilipinas, ayaw pang ipagamit ang medical cannabis, samantalang maari nitong matulungan ang isang milyong Pilipinong may sakit?"

Dagdag pa ni Dr Gomez, "Ang medical cannabis ay malapit ng maisa-batas, dahil na rin umano sa dami na ng sumusuportang politiko, government official, at kilalang mga personalidad, dahil din umano sa alam na ng nakakarami sa ngayon, na meron na tayong laboratoryo na kung saan ipoproseso ang Marijuana para gawing Medical cannabis."

Matatandaang, lumabas sa ilang pahayagan taong 2019 na mismong si dating House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo ay umaming gumamit ng medical cannabis, na isa umano sa nagbenepisyo nito. Nilalagyan umano ng pain patch na medicinal marijuana ang cervical spine na sumasakit kay Gng. Arroyo.

Subalit paglilinaw nito, na sa ibang bansa niya ito ginagawa kung saan pinapayagan ang paggamit ng cannabis para sa medical purposes at hindi rito sa Pilipinas dahil wala pang batas na sumusuporta rito. Naniniwala ang dating SGMA, na bukod sa kanya, ay marami pang may sakit ang matutulungan at mapapagaling ng medical cannabis. Kung kaya isa rin umano siya sa may-akda ng panukalang inihain sa Kamara na gawing legal ang medical cannabis sa bansa sa kanyang kapanahunan.

Naging panauhin sa ginanap na forum sina: Dr. MacGerald Cueto, Associate Professor, UERM, Memorial Center Inc., Doc-Atty. Leo Olarte, Former President Philippine Medical Association, Dr. Gem Mutia, Founder , Philippine Society of Cannabinoid Medicine.

Ipinaliwanag ni Dr. MacGerald Cueto ang tungkol sa Acupuncture bilang bihasang acupuncturist lalo na pagdating sa pain management. Ang Acupuncture ay ang pagtusok ng mga maninipis na karayom sa iba't ibang bahagi ng katawan na base sa pag-aaral ng siyensiya.

Ang pamamaraang ito ay nakatutulong laban sa chronic pain, headaches, migraine at iba pa. Nalulunasan din ang ang problema ng mga kalalakihan pagdating sa erectal dysfunction, ayon pa kay Dr. Cueto.

Sinabi naman ni Dr. Gem Mutia na dapat suportahan ng gobyerno ang pagsasabatas ng paggamit ng Medical cannabis, ang halamang gamot na marijuana. Huwag maging negatibo ang pananaw lalo na pagdating sa marijuana dahil ito umano ang magpapagaling sa milyong Pilipinong may sakit. Magbibigay din ito ng dagdag kita sa kaban ng bayan. Suportado naman ni Doc. Atty Olarte, ang pagsasabatas ng medical cannabis sa bansa.

Nagsilbing host sa nasabing BAUERTEK Media Health Forum sina: Edwin Eusebio at Rolly Lakay Gonzalo. ***(Raffy Rico)***

# HANEP

***Basahin Mo Ito!***

## PERYA 'PAG PIYESTA, BAWAL MUNA?

**ANG** nakaugaliang peryahan tuwing panahon ng kapistahan ay posibleng pansamantalang ipagbawal muna.

Sinusulat ito ay kinakasa at pinag-aaralan ng pamahalaang lokal ng Iloilo City ang pagbabawal ng peryahan sa mga bayan o maging sa barangay ng naturang lungsod.

Bunsod ito sa umano'y manipis na supply ng kuryente sa lungsod dahil sa sinasabing ang transmission lines ng National Grid Corporation of the Philippines ay hindi pa ganap na payak.

Bukod sa peryahan ay babawasan din umano ang oras sa paggamit ng mga ilaw sa kalsada, plaza, at iba pang public places tuwing gabi.

Ang nasabing pagbabawas sa paggamit ng kuryente ay dahil na rin sa nararanasang power interruption kamakailan.

Maging ang Iloilo City Hall ay may mga ginawa na rin hakbang para sa pagtitipid kasabay ng paghikayat sa lahat ng kawani at pati sa mga sangay ng gobyerno na naka-base sa lungsod na makiisa rin sa energy savings moves.

Ang Mayo, Hunyo at maging Agosto ay kalimitang kapistahan subalit kailangang sumunod ng mga operator ng peryahan sa naturang kautusan.

Nabatid na inaasahang sa darating na Agosto matatapos ang pagsasaayos ng NGCP para sa dekalidad na transmission lines. ***RUBEN LACSA***




**TULOY** ang Manila Police District Barbosa Station 14 sa pagpapatupad ng kanilang 'oplan sita' laban sa mga motorcycle rider na sa kabila na walang lisensiya at dokumento o maging palso ang rehistro ay nagmamaneho pa rin ng motorsiklo. Diretso sa impounding area sa Central Market ang mga napapatunayang may paglabag. ***CHRISTIAN HERAMIS***




**ITO** ang Lagusnilad Vehicular Underpass sa Maynila at kalahati ng bahagi nito ay isinara para sa rehabilitasyon na sinimulan noong Mayo 2 at tatagal ng apat na buwan o hanggang sa Seytembre ang naturang rehabilitation project na pinondohan ng P50-M ng lokal na pamahalaang lungsod. Si Manila Mayor Honey Lacuña ang nanguna sa kick-off ceremony kamakailan. ***CHRISTIAN HERAMIS***

# KALIBRE



**ROMY SANTOS**

0977-7844136

## Parang kelan lang

**SUMAPIT** na ang ikapitong (7) kaarawan ng ating pahayagan.

Tulad sa tao na ang buhay ay ipinahiram lamang ng Panginoong Diyos na ano mang oras ay maaari ng bawiin.

Ganoon din ang ano mang bagay, trabaho, negosyo at iba pa ay mayroong hangganan.

Kumbaga sa tao ay napakabata pa ng **HANEP** dahil pitong taong gulang pa lamang.

Sa tao kung bansagan ang ganitong edad ay musmos pa lamang at napakarami pang daraanang balakid at pagsubok hanggang sa pagtanda.

Hindi po natin ikinukumpara ang isang dyaryo sa buhay ng isang tao bagkus ay kaakibat lamang ng paniniwala na ang Panginoong Diyos din ang nagbigay ng buhay sa **HANEP** upang pumalaot sa mundo ng pamamahayag.

Ang bawat ina na nagluwal ng sanggol ay hindi matatawaran ang kasiyahan at pasasalamat sa Diyos.

Sa paglakad ng mga panahon katuwang ng ina ang ama sa pagpapalaki ng kanilang anak.

Hindi mamamalayan ang mabilis na pag-usad ng panahon bagkus ay malalaman na lamang na ang anak ay nasa pitong taong gulang na.

Ang sambit, 'parang kelan lang, bilis talaga ng panahon.'

Kagaya sa anak, ang ano mang bagay ay kinakailangang inaalagaan at iniingatan lalo ay pakakamahalin.

Ganyan ang ating ginawa at ginagawa o gagawin pa sa **HANEP**.

Kaya naman taus puso ang aking pasasalamat sa Panginoong Diyos kasabay ng patuloy na panalangin para sa karagdagan o marami pang taon ng **HANEP** sa sirkulasyon.



**NAGING** mapayapa at maayos ang paggunita sa Maynila ng Labor Day nitong Mayo 1 dahil sa ginawang paghahanda ng pamunuan ng Manila Police District sa ilalim ng liderato ni MPD Director Police Brig. Gen. Andre Dizon. ***CHRISTIAN HERAMIS***




**KATUWANG** ni Manila Mayor Honey Lacuna Pangan sa pagsasagawa ng 'Chikiting Ligtas' vaccination program sina Department of Health-Central Office Dra. Hazel Nikka Hao, at Dra. Alleli Anne Grace Sudiacal, ng DOH-Regional Office -Metro Manila. Tinawag itong 'pasyal-bakuna' dahil ginawa sa loob mismo ng bagong Manila Zoo kamakailan. ***CHRISTIAN HERAMIS***